

Pinahusay na mga Setting sa Kaligtasan ng Linya ng Kuryente (Enhanced Powerline Safety Settings)

[TUMUTUGTOG NA MUSIKA] Sa Pacific Gas and Electric Company ang pinakamahalagang responsibilidad namin ay ang kaligtasan ng aming mga kostumer at ng aming mga komunidad na may pribilehiyo kaming paglingkuran. Dahil sa lumalaking banta ng sunog, ang PG&E ay nagbabago sa pagsisikap nitong mapigilan ang sunog. Ang matitinding kondisyon ng tagtuyot at tumataas na temperatura ay nagdaragdag ng panganib ng sunog sa buong California at sa Kanlurang Estados Unidos.

Naiintindihan namin ang kagyat na pangangailangang patakbuhan nang ligtas ang aming sistema sa kapaligirang ito na mabilis na nagbabago. Kaya naman nagpatupad kami ng mga karagdagang hakbang sa kaligtasan na hindi pa nagagawa sa ilang partikular na lugar na may mataas na peligro ng sunog. Ang isa sa mga hakbang na ito ay kinabibilangan ng pag-update sa mga setting sa mga aparatong pamproteksyon sa mga linya ng kuryente. Inaayos namin ang pagiging sensitibo ng aming mga breaker at recloser, para mas mabilis ang pagpatay ng mga ito kung may isyu sa isang linyang may kuryente.

Nagbibigay ang video na ito ng pangkalahatang-ideya ng aming mga na-update na setting at kung paano nila ginagawang mas ligtas ang aming sistema. Bagama't makakatulong ang mga update na ito sa pag-iwas sa mga sunog, maaari rin itong magresulta sa mas madalas at mas matagal na pagkawala ng kuryente para sa aming mga kostumer. Kinikilala namin na ang pagkawala ng kuryente ay isang pasanin at gusto naming balangkasin ang mga hakbang na aming ginagawa upang mapabuti ang pagiging maaasahan ng kuryente ng iyong serbisyo nang hindi nakokompromiso ang kaligtasan.

Upang makatulong na protektahan ang mga kostumer sa aming mga komunidad sa panahon ng matinding tagtuyot at tuyong kondisyon na ito, ina-update namin ang mga setting sa mga circuit at mga lugar ng distrito na mataas ang banta ng sunog (high fire threat district) gaya ng tinukoy ng Komisyon ng California sa mga Pampublikong Yutilidad (California Public Utilities Commission). Ang pag-update sa pagkasensitibo at bilis ng pagpapatakbo ng aming kagamitan ay awtomatikong papatay sa kuryente nang mas mabilis, kung may natukoy na potensyal na problema ang sistema.

Ang aming sistema ay may serye ng mga pamprotektang aparato, circuit breaker, fuse, recloser na gumagana katulad ng sistema ng kuryente sa inyong tahanan. Kung may anumang problema sa pagtama ng sanga ng puno sa kable, ang problema sa mismong kagamitan ay ay magsisilbing gatiyo sa mga pamprotektang aparato at papatayin ang kuryente. Sa panahon na hindi gaanong matindi ang mga kondisyon, ang kuryente ay hindi mamamatay nang madalas dahil ang kagamitan ay nasa normal na kumpigurasyon. Ngunit sa kasalukuyang kapaligiran dapat naming tiyakin na ginagawa namin ang bawat hakbang na posible upang mabawasan ang mga sakuna na sunog.

[TUMUTUGTOG ANG MUSIKA]

Kapag nawala ang kuryente, sinisiyasat ng mga empleyado ang linya para sa pinsala. May bagay na nagsanhi sa pagkawala ng kuryente. Kaya, dapat naming tiyakin na walang isyu na maaaring makapagsimula ng sunog kapag ibinalik ang kuryente. Ang mga inspeksyon ay isinasagawa sa alinman sa lupa o sa himpapawid sa pamamagitan ng helikopter.

Maaaring kailanganing magsagawa ng pagpatrolya nang naglalakad at sa mahirap na lupain na may limitadong akses. Maaari itong makaambag sa tagal ng pagkawala ng kuryente. Kung mayroong mga linya ng kuryente sa inyong ari-arian, maaaring kailanganin namin ng access upang maibalik ang kuryente. Ibabalik ng mga emleyado ang mga kostumer sa mga yugto o hakbang habang ang mga indibidwal na bahagi ng circuit ay maituturing na ligtas at handa na para sa muling pagbalik ng kuryente. Ang aming prayoridad ay ang pagpapanatili ng kaligtasan habang pinapanumbalik ang kuryente sa lalong madaling panahon.

Mahalagang tandaan na ang mga pagkawala ng kuryente na dulot ng mga na-update na setting ng aparato na ito ay hindi Pagpatay ng Kuryente para sa Kaligtasan ng Publiko (Public Safety Power Shutoff) o mga kaganapan ng PSPS. Kung ang isang kaganapan ng PSPS ay nakatuon sa maagap na pagpatay ng kuryente sa mga panahon ng tagtuyot na sinamahan ng malakas na hangin, ang mga pagkawala ng kuryente na ito na nauugnay sa aming mga bagong setting ng device ay hindi planado. Nagaganap ang mga ito kapag nakakaranas ang aming sistema ng fault na kondisyon o problema sa linya ng kuryente. Dahil ang mga pagkawala ng kuryente na ito ay hindi nakaplano, hindi kami makapagbibigay ng paunang abiso.

Gayunpaman, ibibigay namin ang lahat ng impormasyon tungkol sa kung kailan maibabalik ang kuryente sa aming mga kostumer sa sandaling mayroon na ito. Hinihikayat namin ang mga kostumer na bisitahin ang aming website sa pge.com/outage para sa mga update sa mga kasalukuyang pagkawala ng kuryente. Alam namin ang hirap na maaaring maidulot ng mga pagkawala ng kuryente na ito at ginagamit lamang namin ang bagong panukalang ito upang maprotektahan ang aming mga kostumer at komunidad.

Ang isang halimbawa ng panukalang ito na nagpapahusay sa ating kaligtasan ay naganap noong Setyembre 7, nang humigit-kumulang 1,000 kostumer sa lugar ng Oakhurst ang nawalan ng kuryente. Dumating sa website ang isang kwalipikadong technician ng PG&E at nakakita ng isang buhay na berdeng puno ng oak na naputol at natumba sa linya ng kuryente na nagpatumba ng dalawang poste at ang linya ng kuryente na kasama nito. Ang pagkasensitibo at bilis ng mga pamprotektang aparato sa aming circuit ay pinatay ang kuryente sa linyang ito bago ito magkaroon ng pagkakataong umapoy. Isa lamang ito sa maraming katulad na sitwasyon kung saan may nakitang malaking panganib sa linya at awtomatikong napatay ang kuryente ng aming sistema, na posibleng makaiwas sa isang sakuna ng sunog.

[TUMUTUGTOG ANG MUSIKA]

Dahil ipinatupad ang mga pinahusay na setting na ito noong huling bahagi ng Hulyo ng 2021, nakita namin ang matinding pagbaba sa mga naiuulat na pag-apoy ng Komisyon ng California sa mga Pamublikong Yutilidad (California Public Utilities Commission) sa mga distritong may mataas na banta ng sunog (high fire threat districts). Sa ilalim ng maling mga kalagayan ang mga pag-apoy na ito ay maaaring magresulta sa mga sakuna na sunog. Batay sa aming mga natuklasan, ang data ay nagpapakita ng higit sa 50% na pagbaba mula sa nakaraang tatlong taon na average at tinatayang 60% na pagbaba mula sa nakaraang taon lamang. Ito ay malaking pagbawas sa panganib ng mga malalaking sunog at tumutulong na protektahan ang mga buhay, tahanan at kapaligiran.

Nagsisikap kaming magtrabaho upang mabawasan ang dalas, tagal at lawak ng mga pagkawala ng kuryente. Ginagawa namin ito sa pamamagitan ng karagdagang pag-optimize sa mga setting para sa mas naka-target na diskarte sa pagpatay ng kuryente, sa pamamagitan ng pagtugon sa lahat ng mga

pagkawala ng kuryente at mga distritong may mataas na banta sa sunog nang mabilis at ligtas hangga't maaari. At pagbabawas sa tagal ng mga pagkawala ng kuryente sa pamamagitan ng paggamit ng mga patrolya sa lupa at himpapawid.

Kinikilala namin ang hirap ng aming mga kostumer na nakaranas ng maraming pagkawala ng kuryente bilang resulta ng mga karagdagang hakbang sa kaligtasan na ito. Nagsusumikap kaming mapabuti ang karanasan ng aming mga kostumer, habang inilalagay din ang kaligtasan sa puso ng lahat ng aming ginagawa.

Mayroon kaming mga mapagkukunan na magagamit upang matulungan ang aming mga kostumer na maghanda para sa mga pagkawala ng kuryente at manatiling ligtas. Halimbawa, ang mga kostumer sa aming medikal na baseline na programa na nakatira sa mga lugar na may mataas na banta ng sunog ay maaaring maging karapat-dapat para sa isang programa sa portable na baterya. Mayroong programang rebate sa generator para sa mga kostumer na umaasa sa tubig ng balon, mga kostumer sa aming programa na medikal na baseline at ilang mga maliliit na negosyo. Pinahusay din namin ang aming abiso at koordinasyon sa mga kritikal na kostumer, carrier ng telecom at mga lokal na ahensya.

Kung gusto mong matuto nang higit pa tungkol sa mga mapagkukunang ito at sa iba pang mga hakbang na ginagawa namin upang maiwasan ang mga sunog, maaari mong bisitahin ang aming website sa pge.com/wildfiresafety. Mayroon din kaming karagdagang mga mapagkukunan sa paghahanda para sa emerhensiya sa safetyactioncenter.pge.com. Kung mayroon kayong anumang mga katanungan, mayroon kaming mga taong handang tumulong. Maaari kayong mag-email sa aming koponan sa wildfiresafety@pge.com o tumawag sa 1-800-743-5000. Salamat sa panonood at maging ligtas.

[TUMUTUGTOG ANG MUSIKA]